# Pagsugpo sa ASF , prayoridad sa QC- Mayor Joy B

Hindi pababayaang lumawak pa ang pinsala ng African Swine Fever sa Quezon City.

Ito ang inihayag ni Quezon City Mayor Joy Belmonte sa kanyang kauna-unahang State of the City Address sa Session Albert Hall sa QC hall.

Anya, sa mga unang buwan nang magsimula siya sa posisyon bilang alkalde ng QC, umusbong ang ASF sa lungsod, isang problemang kanyang prinayoridad at tutukang maalis sa pamamagitan ng pagpapalakas ng impormasyon at kaalaman upang hindi na lumawak pa ang pinsala ng sakit ng mga alagaing baboy.

Anya may 4,466 na baboy na ang napatay sa pamamagitan ng injection sa mga barangay na tinamaan ng ASF sa Barangays Bagong Silangan, Payatas, Pasong Tamo, Roxas District at Tatalon. May kabuuang P13.3 milyon pondo na ang naipagkaloob sa mga backyard hog raisers na tinamaan ng ASF ang mga alagang baboy.

Sinabi ni Belmonte na papatawan na ng kaukulang parusa ang mga hog raisers na magpapatuloy sa kanilang pag-aalaga ng baboy sa kanilang mga bakuran.

Marso ng susunod na taon anya ay dapat wala ng mga babuyan sa QC na isang urbanized area. Pagkakalooban anya ang mga ito ng livelihood programs para luminya sa ibang pagkakakitaan ang ikabubuhay ng pamilya.

Iniulat din niyang naging matagumpay ang pagpapatupad sa dalawang buwang pagtatanggal ng mga illegal structures sa mga lansangan at kahit anya tapos na ang clearing operations na naitakda ng DILG ay patuloy na maglilinis ng mga kalsada ang QC Traffic and Management Office na tatawagin na ngayong Task Force Forever.

“Bagama’t nakatuon lamang ang direktiba ng ating Pangulo sa mga pangunahing lansangan katulad ng national primary at secondary roads at Mabuhay Lanes,we went above and beyond what was expected and required of us. Nagdagdag na po tayo ng 20 hanggang 30 alternatibong ruta na maaaring daanan ng mga sasakyan at makatulong sa pagbuhulbuhol ng trapiko sa ating lungsod,” sabi ni Belmonte. *(Angie dela Cruz)*